



SEVEN OAKS  
SCHOOL DIVISION  
*community begins here*

# Seven Oaks School Division

## Kagawaran ng Transportasyon

### Mga Patakarán at Pamamaraan para sa 2021-2022

#### PANIMULA

Naniniwala ang Seven Oaks School Division na dapat ibigay ang mga serbisyo ng transportasyon sa mag-aaral sa isang antas na magbibigay ng patas at makatwirang access sa pag-aaral para sa lahat ng mag-aaral na nasa komunidad ng division.

#### PAGIGING KWALIPIKADO

Dapat ihatid ang lahat ng mag-aaral na nasa Kindergarten hanggang Grade 6 na ang distansiya ng bahay papunta sa kanilang nakatalaga o catchment area school na nasa Division ay mas mahigit sa 1.6 na kilometro. Kung hindi maihahatid ang mga mag-aaral na kwalipikadong tumanggap ng mga grant (tulong na salapi), kagaya ng sumusunod sa programa na wala sa Division, dapat makatanggap ang kanilang mga magulang o mga legal na tagapag-alaga ng allowance para sa transportasyon na katumbas ng ibinibigay na grant ng probinsiya.

Dagdag pa rito, ihahatid din ang mga sumusunod nang walang bayad:

- Mga mag-aaral na nasa Kindergarten hanggang Grade 6 kung saan ang karamihan sa direktang distansiya ng paglalakad mula sa bahay o mula sa isang itinalagang feeder daycare hanggang sa isang nakatalaga o catchment area school ay katumbas ng o lampas sa 1.6 na kilometro.
- Mga mag-aaral na nasa Kindergarten hanggang Grade 6 na pumapasok/pumupunta sa isang day care/babysitter na may distansiya mula sa nakatalaga o catchment area school ng mag-aaral na katumbas ng o lampas sa 1.6 na kilometro at kabilang sa dati nang ruta ng bus.
- Mga mag-aaral na nasa Kindergarten hanggang Grade 12 na nakatira sa R.M. ng West St. Paul at ang R.M. ng St. Andrews na nakatira sa loob ng 1.6 na kilometro o higit pa mula sa kanilang nakatalaga o catchment area school.
- Mga mag-aaral na pinayagan ng Superintendent (o ng nagtatalaga) na maihatid sa kanilang nakatalaga o catchment area school
  - a) dahil sa mga sitwasyon na may kaugnayan sa kaligtasan,
  - b) at bilang pagmamalasakit na mga dahilan.

#### MGA MAG-AARAL NA HINDI KWALIPIKADO

Batay sa halaga ng kinikita (cost recovery basis) at kondisyon na kapag nagkaroon ng available na puwesto sa dati nang ruta ng bus, mga mag-aaral na nasa Kindergarten hanggang Grade 12 na nakatira sa loob ng wala pang 1.6 na kilometro mula sa kanilang nakatalaga o catchment area school kung saan bibigyan ng prayoridad ang mga mag-aaral na pinakamalayo sa kanilang nakatalaga o catchment school. Tutukuyin ang pagiging available ng puwang para isakay ayon sa edad, kung saan uunahin ang mga mas batang mag-aaral para sa available na mapipiling puwesto. Kung mangangailangan ng puwesto ang mag-aaral na kwalipikado sa transportasyon, maaaring mailipat ang nagbabayad na mag-aaral at bibigyan ng dalawang linggong abiso.

#### MGA SINGIL NG BUS

Simula sa 2021 - 2022 na taon ng eskuwela, ang magiging singil sa transportasyon ay:

- \$ 535.00 para sa mga mag-aaral na nasa Kindergarten hanggang Grade 5
- \$ 600.00 para sa mga mag-aaral na nasa Grade 6 hanggang Grade 8
- \$ 724.00 para sa mga mag-aaral na nasa Grade 9 hanggang Grade 12

Ang mga singil para sa mga pamilyang maraming anak na sumasakay ng bus ay babawasan nang \$100.00 bawat pamilya. Walang bawas para sa mga mag-aaral na nasa high school.

Dahil buong taon ang serbisyo ng aming bus, hindi namin makakayang maghatid sa taglamig.

**Ang mga mag-aaral na hindi kwalipikado at nangangailangan ng transportasyon pagkatapos ng ika-1 ng Setyembre ay kinakailangang bayaran ang buong singil para sa buong taon.**

#### PAGKANSELA NG SERBISYO NG BUS/MGA REFUND

- Kung aalis kayo sa division, lilipat nang mas malapit sa paaralan, o nakakuha na ng puwesto sa day care ng inyong paaralan at hindi na kayo mangangailangan ng transportasyon, ikalulugod namin kung magbibigay kayo ng 10 araw na abiso para kanselahin ang bus bago ang unang araw ng buwan. Ang mga singil ng bus ay batay sa isang buong taon ng eskuwela. (Setyembre hanggang Hunyo). Hindi namin ire-refund o bibigyan ng diskuwento ang mga singil kung hindi sasakay ng bus o hindi ito gagamitin nang buong taon.
- Kung kakanselahin ng Seven Oaks School Division ang pagtatalaga ng bus, gagawa ng prorated na refund.  
**Walang ibang refund na gagawin.**

**Dapat magbigay ng abiso sa loob ng 10 araw ng opisina bago ang katapusan ng buwan kung may magbabago sa impormasyon sa bangko. Dapat magpadala ng email sa [transportation@7oaks.org](mailto:transportation@7oaks.org)**

#### MGA MAG-AARAL NA WALA SA CATCHMENT AREA

Kung pipiliin ng mga mag-aaral na pumasok sa pamamagitan ng "schools of choice" na probisyon, isang paaralan na wala sa nakatalaga o catchment area, dapat silang magbayad ng user fee para sa transportasyon. Ang nasabing singil ay depende sa available na puwesto sa dati nang ruta ng bus.

## **MGA MAG-AARAL NA HINDI RESIDENTE**

Ang lahat ng mag-aaral na Hindi Residente (kasama ang mga nasa feeder day care) na kabilang sa “schools of choice” na mga regulasyon, ay dapat magbayad ng user fee para sa transportasyon. Ang nasabing singil ay depende sa available na puwesto sa dati nang ruta ng bus.

## **KAHIRAPAN SA PERA**

Maaaring alisin ng Superintendent ang mga singil dahil sa kahirapan sa pera. Dapat isama sa application ang pagbeberipika ng Pinagsamang Income Tax ng Pamilya.

## **MGA PAMAMARAAN**

- **Dapat kumpletuhin ng lahat ng mag-aaral ang isang Transportation Application Form o muling mag-apply para maihatid ng bus bawat taon sa Parent Connect.**
- Kung kailangan ninyong gumawa ng mga pagbabago sa pagsakay ng bus ng inyong anak, (halimbawa: mga numero ng telepono, address ng bahay, address ng daycare, paaralan, pagkansela ng pagsakay sa bus, atbp.), paki-update ang impormasyong ito sa paaralan ng inyong anak. Mangyaring maghintay ng isang linggo hanggang 10 araw bago maipatupad ang mga pagbabago.
- Ang bagong impormasyon tungkol sa ruta para sa Kindergarten ay ipapadala ng Departamento ng Transportasyon sa bahay sa pamamagitan ng koreo sa simula ng taon ng eskuwela.
- Puwedeng tingnan ng mga nasa Grade 1 – Grade 12 ang impormasyon ng kanilang bus sa Parent Connect sa loob ng huling 2 linggo ng Agosto.

## **MGA ALITUNTUNIN PARA SA PAGSAKAY**

Responsable ang Division sa kaligtasan ng mga mag-aaral na gumagamit ng transportasyon sa pamamagitan ng bus mula sa lugar kung saan dapat sunduin hanggang sa paraalan at ang lugar kung saan ihatid pauwi ng bahay.

Responsable ang mga Magulang/Tagapag-alaga sa pagtiyak ng kaligtasan ng mga mag-aaral papunta at mula sa mga lugar kung saan dapat sunduin at ihatid ng bus ng paaralan.

### **Pakitandaan ang mga sumusunod na panuntunan:**

1. Susunduin at ihatid ang mga mag-aaral sa isang itinalagang stop bawat araw. Hindi pinapayagan ang mga alternatibong lugar para sunduin o ihatid.
2. **Ang mga mag-aaral ay dapat nasa kani-kanilang itinilagang stop 5 minuto bago ang oras ng pagsundo.** Responsibilidad ng magulang na ihatid ang kanilang anak sa paaralan kung hindi sila makakasakay ng bus.
3. Kung wala sa stop ang magulang kapag hinatid ang kanilang anak mula sa paaralan, ibabalik ang bata sa paaralan para sunduin ng magulang.
4. Ang mga mag-aaral na palaging hinahatid ay pinapayagan lang na sumakay sa kanilang mga nakatalagang bus.
5. Ang mga mag-aaral bukod sa mga inaprubahan para sa regular na transportasyon ay hindi pinapayagang sumakay sa mga bus ng paaralan.

### **Mga Inaasahan sa Mga Mag-aaral**

Responsibilidad ng sumasakay ng bus ng paaralan na:

1. Maging magalang sa mga tao at pag-aari, halimbawa: gumamit ng naaangkop na salita
2. Kumilos sa ligtas na paraan, halimbawa: manatiling nakaupo habang nakasakay sa bus, makipag-usap nang mahina ang boses, makinig sa mga instruksiyon mula sa mga patrol at mga driver.
3. Iwasang kumain sa bus.

Mga bus driver ang mamamahala sa mga inisyal at maliliit na problema tungkol sa kaligtasan at magalang na asal sa bus. Ang mga patuloy o malalaking problema tungkol sa kaligtasan ay iuulat sa Punong-guro.

Bagaman obligado ang Division na magbigay ng transportasyon sa mga kwalipikado para rito, dapat maunawaan na may mga limitasyon sa obligasyong ito. May karapatan ang Board, sa pamamagitan ng Administration nito, na suspindihin ang pribilehiyo ng transportasyon sa mga mag-aaral na magiging dahilan ng panganib sa kalusugan at/o kaligtasan ng kanilang mga sarili o ng iba dahil sa kanilang mga pagkilos.

### **Kaligtasan sa Bus ng Paaralan**

Para gawing ligtas ang pagsakay ng bus ng paaralan hangga't maaari, kinakailangang lumahok nang dalawang beses sa isang taon ang lahat ng mag-aaral sa isang programa ng Kaligtasan sa Pagsakay ng Bus ng Paaralan. Kasama sa programa ang mga drill tungkol sa paglikas kung magkakaroon ng emergency sa bus.

## **MATINDING LAGAY NG PANAHOON AT PAGKANSELA NG BUS**

Minsan, kinakansela ang mga bus dahil sa matinding lagay ng panahon. Ang pangkalahatang panuntunan ay kung ang temperatura kasama ng lamig ng hangin ay -45 C o mas malamig sa Forks (ayon sa ipinaskil ng Environment Canada nang 6:00 a.m.), kakanselahin namin ang bus sa buong araw pero nananatiling bukas ang mga paaralan. Sinusunod ng lahat ng sangay ng paaralan sa metro Winnipeg ang isang sistema, batay sa panuntunang ito.

Magpapaskil kami ng mensahe ng alerto sa home page ng website ng Seven Oaks School Division kung kinansela ang mga bus. Ilaanunsyo rin ng mga pangunahing himpilan ng radyo ang tungkol sa mga pagkansela ng paghahatid ng bus. Karaniwan nilang ibinabalita ang mga pagkansela nang kada 15 minuto. Maaari rin ninyong tingnan ito sa mga istasyon ng telebisyon at sa Internet.

CBC – 990 AM	89.3 FM	CFWM (BOB) 99.9	CJOB-680 AM	92 CITI-FM
Drive 94.3 FM	CKY-580	Clear FM 102.3	QX 104 FM	CKMM Virgin Radio 103
TSN Radio 1290	CJKR Power 97		CKSB (French)	CKXL Envol 91 (French)
City TV	CTV News	Global News	Winnipeg Free Press Online	

Bisitahin ang aming website ng Seven Oaks sa [www.7oaks.org](http://www.7oaks.org) kung saan magpapaskil ng mensahe sa itaas ng page na nagsasabi sa kalagayan ng transportasyon sa araw na iyon. Magbibiyaha ang mga bus kung walang anunsyo ng mga pagkansela.

**Ipatatupad ang pagkansela ng mga bus sa umaga para sa natitirang oras sa araw, kasama ang sa tanghali at sa oras ng paglabas mula sa paaralan.**

Mangyaring huwag tawagan ang Transportation Office, Board Office o mga media outlet. Nagiging masyadong abala ang mga linya ng telepono dahil sa paggawa nito. Sa halip, mangyaring gamitin ang impormasyon tulad nang nakabalangkas sa itaas.

Seven Oaks School Division Transportation Office    1985 Grassmere Road, West St. Paul, MB R4A 6A3    Telepono: 204-338-7051

Seven Oaks School Division Board Office    830 Powers Street, Winnipeg, MB R2V 4E7    Telepono: 204-586-8061